

ISANG PAGSALUBONG AT PASASALAMAT

MGA NILALAMAN

MARAMING SALAMAT PO, FR. DARS!	2
BAGONG KURA PAROKO, ATING KILALANIN	3
NEW NORMAL SA PAROKYA, UMARANGKADA NA	3
KAPISTAHAN NG PAROKYA, PINASIMPLE DAHIL SA PANDEMIYA	4
RED WEDNESDAY 2020, ALAY DIN SA FRONTLINERS	4
KAPASKUHAN, HINDI NAPIGIL KAHIT NA MAY PANDEMIYA	5
PAMASKONG HANDOG, ESPESYAL NA INIALAY PARA SA MGA MAG-AARAL	5
SUNOG-SALA, ISINAGAWA BILANG PAGHAHANDA SA MIYERKULES NG ABO	6
SA IKALAWANG TAON: PAGWIWISIK, ISINAGAWA SA MIYERKULES NG ABO	6
MGA BALITANG PAMPAROKYA	7
MGA FRONTLINER NG SIMBAHAN, TUNAY NA MAASAHAN SA KABILA NG PANGANIB	8

Iba't iba na ang mga mukha ng kaparian ang naglingkod sa Simbahan ng Barasoain mula sa pagkakatatag nito noong 1859 hanggang sa kasalukuyan. Sa ngayon, muling magtitipon ang buong simbahan upang mamaalam kay Reb. P. Dario V. Cabral, kura paroko at Reb. P. Ronald Rey H. Mangon, bikar ng parokya at salubungin ang mga bagong lingkod ng parokya na sina Reb. P. Domingo M. Salonga bilang bagong kura paroko at Reb. P. Ramon P. Sabangan bilang bagong bikar ng parokya.

Sa kanilang pagdating ay baon nila ang panibagong pag-asa, liwanag at paggabay para sa komunidad ng Simbahan ng Barasoain.

MARAMING SALAMAT PO, FR. DARS!



nabigyan ng bagong buhay sa ilalim ng kanyang pamumuno.

Bukod sa mga proyekto niyang pagpapaganda, nagkaroon din ng mga bagong pailaw sa simbahan. Tinuldukan nito ang madilim na pailaw sa simbahan upang mas makahikayat ng mga nagsisimba sa Barasoain lalo na tuwing gabi.

Isa rin sa mga naging atraksyon sa panahon ni Fr. Dars ang disenyo ng retablo tuwing mga Mahal na Araw kung saan taon-taon ay kinikilala ang

ganda ng pagkakayari ng mga ito sa *social media*.

Nakapagpagawa rin ng bagong kampana ang simbahan sa ilalim ng kanyang pamumuno. Ang nasabing kampana ay isa sa mga pinakamodernong kampana na matatagpuan sa Diyosesis ng Malolos. Ang nasabing kampana ay sinimulang gamitin noong taong 2018.

Nagkaroon din ng mga programang panlipunan ang Parokya na kung saan naging masugid ang mga parokyano sa pagsuporta at pagsusulong ng mga ito. Ilan sa mga ito ang taunang "Pamaskong Handog" na kung saan hinihikayat ang mga nagsisimba na bumili ng Noche Buena items na ipamamahagi sa mga nangangailangan. Nagkaroon din ng outreach programs ang Parokya kapag umuulan at bumabaha pati na noong pumutok ang Bulkang Taal noong nakaraang taon at nito lamang nagdaang ECQ ay nagkaroon din ng outreach para sa mga *frontliners* at nagugutom na mga nasasakupan ng Parokya.

Isa rin sa mga naganap na programa na tumatak sa kanyang

pamumuno ay ang mga konsyerto, programang musiko at pagpapalaganap ng sining pagganap sa mga kabataan at sa mga talentadong koro ng Barasoain. Naganap ang konsyerto ng Philippine Madrigal Singers sa Malolos Sports and Convention Center noong 2016 at ang Koro Madrigal noong 2017. Nagkaroon din ng mga proyekto ang mga kabataan tulad ng *Disney Princess*, *The Greatest Showman* at *Jesus Christ Superstar*.

Sa kanyang pamumuno, sinalubong din ng Barasoain ang bagong obispo, Lub. Kgg. Dennis C. Villarojo sa kanyang *canonical installation* noong 2019.

Sa huling taon naman ng kanyang pamumuno, siya ang nagsilbing liwanag ng pag-asa ng Parokya sa gitna ng pandemya. Sa kanyang pamumuno pinag-igting ang paggamit ng Internet bilang *alternative method* sa personal na pagpunta sa mga simbahan na ipinagbawal dala ng mga nagdaang *lockdown*. Siya rin ay namuno sa *rolling* pabasa na umikot sa mga barangay ng Parokya upang mailapit sa mga tao ang diwa ng mga Mahal na Araw sa kabila ng hamon ng pandemya. Naging masigasig din siya sa paggabay sa mga mananamapalataya ng muling buksan ng simbahan ang kanyang pintuan matapos ang ECQ. Tunay na kinakitaan siya ng dedikasyon sa mga panahong ito sa kabila ng peligro na dulot ng lumalaganap na sakit na dulot ng COVID-19.

Sa paglisan, magiging pabaon niya sa atin ang mga naging programa niya, ang mga pagbabagong isinagawa niya at ang kanyang mga aral na itinuro sa atin. Nawa'y sa kanyang paglisan, ating mapanatili sa ating puso ang kanyang mga nasimulan at maipagpatuloy natin ang pananampalataya na kanyang

Isa sa mga hindi dapat palagpasin na magaganap sa taong ito ang magiging palitan ng mga kaparian sa Diocese ng Malolos.

Sa napipintong pagpapalit ng mga kaparian, ang ating kura, Reb. Padre Dario V. Cabral, maging si Reb. Padre Ronald Rey H. Mangon, ay lilisanin na ang ating Parokya upang maglingkod sa San Isidro Labrador Parish sa Pulilan, Bulacan. Samantala, madedestino naman sa San Miguel, Bulacan si Fr. Mangon.

Sa kanyang paglilingkod sa loob ng halos 7 taon, masasabing malaki ang mga pagbabagong napagdaanan ng Parokya sa ilalim ng pamumuno ni Fr. Cabral.

Isa rito ang mga *beautification projects* na kanyang sinimulan. Dahil na rin sa mga naudlot na mga proyekto nang mamatay ang dating kura na si Msgr. Mar Arenas, minabuti niyang ipagpatuloy ang mga pagpapaganda na nakaplano na noong 2014. Bukod sa mga pagpapagandang ito, nagpagawa rin siya ng makabagong disenyo ng *garden* sa simbahan at ang mga lugar na dating hindi nabibigyang atensyon ay

BAGONG KURA PAROKO, ATING KILALANIN



Si Reb. P. Domingo "Memeng" Meneses Salonga ay ipinanganak noong ika-4 ng Agosto 1951 sa Maynila. Ang kanyang ama ay si Moises Salonga, Sr. at ang kanyang ina ay si Natividad Meneses at siya ang ikalawa sa anim na magkakapatid.

Sa kanyang kabataan ay maaga siyang namulat sa paglilingkod. Nakatapos siya ng elementarya sa Inmaculada Academy of Malolos na kilala na ngayon bilang Holy Spirit Academy of Malolos na

matatagpuan sa Santa Isabel, Malolos.

Nakatapos siya ng antas sekundarya sa Our Lady of Guadalupe Minor Seminary sa Makati at kolehiyo sa San Carlos Seminary sa pareho ring lugar. Nag-aral siya ng teolohiya sa San Jose Seminary na matatagpuan sa Ateneo de Manila University sa Quezon City.

Kumuha rin siya ng kursong post-graduate sa Wika at Kulturang Pranses sa Notre Dame de Vie Cultural Center sa Venasque, France at Licentiate in Church History sa University of Fribourg, Switzerland.

Nanilbihan siya bilang pari at spiritual direktor at rektor sa Immaculate Conception Seminary sa Guiguinto, Bulacan noong 1977-1980 at 1980-1984. Naging propesor siya sa Kasaysayan ng Simbahan sa nasabi ring institusyon noong 1989-1995. Siya ay naging kura paroko ng Parokya ng Sta. Monica, Angat, Bulacan mula 1991 hanggang 2003; Holy

Cross sa Gen. T. de Leon sa Valenzuela mula 2003 hanggang 2010 at Parokya ng Inmaculada Conception, Katedral ng Basilica Minore mula 2016 hanggang 2021. Nanilbihan din siyang spiritual director ng Pontificio Colegio Filipino sa Rome, Italy noong 2010-2016.

Hinawakan din niya ang iba't ibang ministri sa diyosesis tulad ng pagiging tagapangulo ng Commission on Formation noong 2003 hanggang 2010; spiritual director ng Catholic Women's League mula 1995 hanggang 2010 at direktor ng San Diego Parochial School sa Polo, Valenzuela mula pa noong 2017.

Bilang isang spiritual minister na may mahabang karanasan, nagsilbi rin siyang facilitator sa mga retreat para sa mga seminarians at mga pari sa iba't-ibang diyosesis.

Naging kura paroko siya ng Barasoain Church noong ika-8 ng MARSO 2021, pinalitan niya si Reb. P. Dario V. Cabral.

NEW NORMAL SA PAROKYA, UMARANGKADA NA

Patuloy ang pagpapanatili ng pananampalataya ng Parokya ng Barasoain sa gitna ng pandemya.

Sa anino ng *social distancing* at mga paghihigpit upang mapanatili ang *virus* sa paglaganap, nagpapatuloy pa rin ang mga gawaing panrelihiyon.

Upang mapanatili ang *social distancing*, nagtalaga ng mga frontliners ang Parokya na siyang tutulong sa pagsusuri, pagsasaayos at pagtuturo sa mga tao sa mga tamang gawain sa loob ng simbahan sa panahong ito. Bukod dito, sila rin ang tumitingin sa mga pumapasok at

lumalabas kung sila ba ay nagpapakita ng sintomas ng COVID-19.

Ipinagpapatuloy rin ng Parokya ang pagla-live stream ng mga misa sa Internet upang makatulong sa mga tao na hindi makalabas o may pangamba sa kanilang kaligtasan.

Ipinagpatuloy rin ng Parokya ang mga programa nito tulad ng Pamaskong Handog na nagnanais makatulong sa mga mahihirap sa panahon ng Kapaskuhan. Bilang tugon na rin sa pangangailangan ng mga kabataan sa *distance* at *online learning*, namahagi rin ng

mga *tablet computers* sa mga mahihirap na mga mag-aaral.

Patuloy man tayong hinahamon ng pandemya sa ating pang-araw-araw na buhay, nananatili pa ring matatag ang pananampalatayang Kristiyano ng mga taga-parokya ng Barasoain.



KAPISTAHAN NG PAROKYA, PINASIMPLE DAHIL SA PANDEMIYA



Dahil sa patuloy na banta ng COVID-19 sa kalusugan ng publiko, minabuti ng Parokya na bawasan ang mga gawain na may kaugnayan sa kapistahan ng Birhen ng Del Carmen na nangangailangan ng pagdagsa ng mga tao. Dahil sa mga naganap na mga pagbabago at paglilimita sa mga aktibidad, naging mas simple ang nasabing okasyon.

Tulad ng nakagawian, nagkaroon pa rin ng mga misa-nobenaryo ang mga taga-parokya bilang paghahanda sa nalalapit na pagdiriwang ng Kapistahan. Subalit dala ng pag-iingat ay nilimitahan ang pagdalo ng mga

tao sa loob ng simbahan.

Nagkaroon ng mga misa at pagdiriwang na may kaugnayan sa Kapistahan. Subalit naging kapansin-pansin ang pagsunod sa mga *protocol* na itinakda ng IATF sa mga gawaing pagrelihiyon na kung saan nagtitipon ang mga tao. Bilang ang mga maaaring papasukin sa loob ng simbahan at ang iba ay nanatili na lamang sa labas upang makinig mula roon. Ang mga nakapasok ay pinagsulat ng kanilang personal na impormasyon upang makatulong sa *contact tracing* kung sakaling kailangan itong isagawa.

Ipinakita ng mga pagdiriwang na ito ang masidhing pagnanais ng mga tao na patuloy pa ring makalapit at magbigay-pugay sa patrona ng Parokya kahit na may mga paghihigpit na ipinatutupad. Sa kanilang paniniwala, iaadya ng Birhen ng Del Carmen ang mga parokyano na nagsimba at magbibigay proteksyon siya sa

mga ito na magkasakit. Kung hindi man ito ang kanilang paraan ng pasasalamat dahil sa kabila ng hirap n

Ang Kapistahan ng Birhen ng Bundok Carmelo na patron ng makasaysayang simbahan ng Barasoain ay nagpapaalala sa atin na marapat tayong magpasalamat sa isang taon na tayo ay kanyang ginabayan. Marami tayong pinagdaanan sa ilalim ng kanyang paggabay ngunit dahil sa kanyang pagmamahal nalagpasan natin ang mga iyon at patuloy tayong nagpupugay sa kanyang ngalan.



RED WEDNESDAY 2020, ALAY DIN SA FRONTLINERS

Ang taunang Red Wednesday noong 2020 ay hindi lamang inialay para sa mga nakararanas ng persekusyon o pagmamalupit dahil sa kanilang pananampalataya kundi maging din sa mga *frontliner* na lumalaban sa harap ng pandemyang ito.

Ito ang naging desisyon ng Simbahang Katoliko upang magbigay pugay sa mga *frontliner* na isinasakripisyo ang kanilang kaligtasan malabanan lamang ang pandemyang nagpadapa sa maraming kabuhayan at nagpahinto sa normal na galaw ng buhay.

Ginamit ng simbahan ang pagkakataon upang maibahagi ang pakikiisa nito sa nagaganap na pandemiya. Inalala rin ng simbahan ang mga taong nawalan ng minamahal, nagkasakit, nawalan ng hanapbuhay, mga nagugutom at mga hindi makapiling ang kanilang mga mahal sa buhay dahil sa mga paghihigpit na dulot ng *health protocols*.

Ang Red Wednesday noong nagdaang taon ay naganap noong ika-25 ng Nobyembre 2020. Ang mga simbahan at ang altar nito ay iniilawan ng kulay pula bilang simbolo ng dugo ni Kristo na



dumaloy bilang tanda ng pakikiisa sa dugo ng mga inuusig na mga Kristiyano. Sa taong ito, hindi lamang ito dugo ng mga inuusig kundi maging ng mga nagkasakit at ng mga nag-aalay ng kanilang sarili sa gitna ng krisis na ito.

KAPASKUHAN, HINDI NAPIGIL KAHIT NA MAY PANDEMIYA



Sa kabila ng pandemya, hindi nito napigil ang ilan sa mga tradisyong Pilipino na iniingatan ng mga parokyano sa simbahan.

Ang pinakainabangan ay ang pagsasagawa ng Simbang Gabi at *Misa de Gallo*. Nagkaroon ng agam-agam na hindi matutuloy ang nasabing mga misa dahil sa umiiral na *curfew* sa hatinggabi at madaling araw. Naging suliranin din ang pagpunta ng mga nagsisimba dahil sa limitadong transportasyon na pinadapa ng pandemya.

Subalit naging mahigpit man ang pagpapatupad ng *health*

protocols sa simbahan, ay naipagpatuloy pa rin ang tradisyunal na Simbang Gabi at Misa de Gallo. Naging mahirap naman para sa ilan na makapasok sa loob dahil na rin sa limitadong bilang ng mga tao na pinayagang makapasok. Ang ilan sa kanila ay nanatili na lamang sa labas ng simbahan.

Naging madalas din ang pagdalaw ng barangay tanod at mga kapulisan upang masiguro na nasusunod ang *social distancing* at ang mga limitasyon sa pagpapapasok ng mga tao sa loob ng simbahan.

Naging mainit naman ang pagsalubong ng mga kababayan natin sa Araw ng Kapaskuhan kahit na dama na may malaking pagbabago ngayong taon sa pagdiriwang nito. Unang napansin na maraming tao ang pinili na magsimba sa mismong araw ng Kapaskuhan kumpara sa mga nagdaang taon na maraming tao ang nagsisimba sa Bisperas ng

Kapaskuhan. Naging kapansin-pansin din na hindi ganoon kalalaki at kararami ang mga pamilya na nagpunta sa simbahan dahil sa pagbabawal ng IATF na magkaroon ng malalaking pagtitipon at paghihigpit sa pamamasyal at paglalakbay—dahilan upang hindi makauwi ang ibang mga kapamilya nila sa kanilang mga tahanan ngayong taon.

Sa kabila ng hamon na dulot ng pandemiya, nakita ang katatagan ng pananampalatayang Kristiyano ng mga nagsisimba na mga parokyano sa Barasoain. Hindi man nila nakapiling ang ilan sa kanilang mga mahal sa buhay o nakapamasyal ay patuloy pa rin nilang pinag-alab ang tradisyon ng Kapaskuhan at pinanatiling buhay ang tunay na kahulugan nito—ang pananampalataya at pagmamahalan, sa kabila ng pagsubok na kinahaharap hindi lamang ng sambayanang Pilipino kundi maging ng sangkatauhan ngayong 2020.

PAMASKONG HANDOG, ESPESYAL NA INIALAY PARA SA MGA MAG-AARAL

Pinangunahan ni Obispo Dennis C. Villarojo ang pamamahagi ng mga Pamaskong Handog ngayong taon sa mga mahihirap na mga pamilya na naninirahan sa loob ng parokya. Ang naturang gawain ay tradisyon nang maituturing sa simbahan sapagkat Setyembre pa lamang ay pinaghahandaan na ito sa pamamagitan ng pag-iipon ng mga *food packs* na ipamamahagi.

Sa taong ito, dahil na rin sa pagbabagong dulot ng COVID-19, ay minarapat na bigyang atensyon ang mga mag-aaral na nahihirapan sa kanilang *online learning*. Namahagi hindi lamang ng *food packs* ang parokya kundi

maging ng mga tablets na magiging malaki ang tulong sa mga mag-aaral na humaharap sa pagbabago sa kanilang pag-aaral.

Nagsanay din ng mga guro na magtuturo sa mga magulang kung paano mapangangalagaan at magagamit ng husto ang nasabing mga *gadget*.

Sinimulan ang pamimigay sa isang banal na misa na pinangunahan ni Obispo Dennis C. Villarojo. Isinagawa ang nasabing paghahandog ng mga *food packs* at *tablets* matapos ang misa.

Sa isa pang pagkakataon ay

ipinakita ng mga taga-Barasoain na hindi hadlang ang nagaganap na krisis upang makatulong sa mga naghihikahos. May mga sarili mang problema, hindi dapat kalimutan ang mga taong higit na nangangailangan ng pagkalinga sapagkat sila mismo ang mas nahihirapan.



SUNOG-SALA, ISINAGAWA BILANG PAGHAHANDA SA MIYERKULES NG ABO



Muling isinagawa ang tradisyunal na Sunog Sala bilang paghahanda sa Miyerkules ng Abo na gagawin kinabukasan matapos ang rito.

Ang nasabing pagsusunog ay naganap matapos ang ika-6 ng gabi na pinangunahan ng bagong kura paroko ng Barasoain, Reb. P. Domingo M. Salonga. Katuwang ng kura ang bagong bikar na si Reb. P. Ramon P. Sabangan.

Ang rito ay nagsimula sa pagbasa

at pakikinig ng ilang bahagi ng Banal na Kasulatan. Matapos nito ay isinagawa na ang pagsisindi at pagsisiga ng mga palaspas na naipon noong nagdaang taon upang maging abo ang mga ito na gagamitin kinabukasan.

Naging hamon naman sa mga parokya ngayong taon ang pangangalap ng mga palaspas sapagkat hindi naging bukas ang selebrasyon ng Mahal na Araw noong nagdaang taon dala ng

pandemya at mga *lockdown* kung kaya pinayagan ng Catholic Bishops Conference of the Philippines ang paggamit ng mga tangkay at natuyong sanga ng mga puno sa pagsasagawa ng rito.

Ang pagsasagawa ng Sunog Sala ay isang tanda na ang mga Kristiyano ay may tungkulin na talikuran ang mga kasalanan na nagawa niya at magbalik-loob sa Panginoon. Hindi maiiwasan na maging marupok ang tao dahil sa kanyang kahinaan subalit binibigyan din tayo ng Panginoon ng pagkakataon na magbalik-loob sa kanya at talikuran ang mga kasalanan na ating nagawa. Dahil sa kanyang pagmamahal ay nagkaroon ng pagkakataon ang sangkatauhan hindi lamang sa buhay na walang hanggan kundi upang magbalik-loob sa kanyang pagmamahal.

SA IKALAWANG TAON: PAGWIWISIK, ISINAGAWA SA MIYERKULES NG ABO

Noong nagdaang taon, isinagawa ang pagwiwisik sa ulo noong Miyerkules ng Abo upang maiwasan ang hawahaan. Ngayong taon, dahil patuloy pa rin ang COVID-19 *pandemic*, ay nagpapatuloy ang pagbabago na nagsimula noong 2020 kung saan ang mga mananampalataya ay wiwisikan na lamang sa ulo imbis na papahiran ng abo sa noo.

Ang nasabing pagbabago ay isinaad ng CBCP upang maiwasan ang hawahan. Bukod sa pagwiwisik, maaari ring iuwi ang abo sa tahanan ng mga namamapalataya upang mapahiran ang mga kasama nila sa kanilang tahanan na hindi makapunta sa simbahan.

Ang Simbahan ng Barasoain ay

nagpatuloy sa pagsunod sa mga *health protocol* na itinakda ng IATF at ng Simbahang Katoliko sa panahong ito ng pandemya. Naging limitado pa rin ang dami ng mga tao sa loob ng simbahan at tanging mga nasa hustong edad lamang ang pinapayagang pumasok sa loob ng simbahan.

Mahigpit din pinatutupad ang "*No Face Mask, No Face Shield, No Entry*" Policy at ang mga *frontliner* ng simbahan ay nagmamatyag sa mga pasukan ng parokya.

Naging angkop naman ang nagaganap na pandemya sa tema ng Miyerkules ng Abo ukol sa mortalidad ng tao at sa kamatayan na dulot ng pagkakasala na nagawa nila Eba at Adan noong sinaunang

panahon sa Hardin ng Eden. Ang mortalidad ng tao ay isang pagpapaalala na hindi lamang na siya ay babalik sa pagiging alabok sa takdang panahon, kundi isa rin itong pagpapaalala sa maaaring maging kabayaran ng tao sa kanyang nagawang pagkakasala.

Ang Miyerkules ng Abo ay hudyat din ng pagsisimula ng Kuwaresma o 40 araw ng paghahanda sa muling pagkabuhay ni Kristo, ang naging manunubos ng daigdig.



MGA BALITANG PAMPAROKYA




KAPISTAHAN NG POONG NAZARENO, IPINAGDIWANG

Ang Simbahan ng Barasoain ay nagdiwang ng Kapistahan ng Poong Hesus Nazareno noong ika-9 ng Enero 2021. Subalit hindi kagaya ng mga nagdaang taon, hindi pinayagan na sumunod ang maraming tao sa prusisyon at sa halip ay hinikayat na lamang na hintayin ang pagdaan ng imahe sa kanilang mga kabahayan. Ang nasabing kapistahan ay minarkahan din ng pagdiriwang ng Banal na Misa.

REHABILITASYON NG SIMBAHAN, PORMAL NANG NAGWAKAS

Pormal nang nagwakas ang rehabilitasyon ng Simbahan ng Barasoain na nagsimula noong Setyembre 2019. Ang nasabing proyekto ay pinondohan ng Pamahalaang Pambansa na may halagang PHP 20 milyon. Layon ng proyekto na mapagtibay ang pundasyon ng simbahan upang hindi ito gumuho sa oras na magkaroon ng malakas na lindol. Nagsagawa rin ng pagpipintura at pagsasaayos ng elektrisidad sa buong gusali.



FIRST VIRTUAL CONCERT FESTIVAL GINANANAP SA BARASOAIN

Isang *virtual concert* ang ginanap ng Barasoain Camerata Philippines sa harap ng Simbahan ng Barasoain noong Nobyembre ng nagdaang taon. Ang nasabing konsyerto ay ipinalabas *online* na kung saan hinarana ng nasabing pangkat ang mga manonood. Hindi naman pinayagan ang *live audience* sa nasabing konsyerto upang mapanatili ang *social distancing*.

HULING MISA NG MGA NAGDAANG KAPARIAN, DINALUHAN NG PPC

Ang *Parish Pastoral Council* ng Parokya ay buong pusong dumalo sa huling misa na ginanap ng dating kura paroko na si Reb. P. Dario V. Cabral at Reb. P. Ronald Rey H. Mangon noong ika-7 ng MARSO 2021. Ang nasabing mga huling misa ay natapat na linggo kaya marami ring maninimba mula sa iba't-ibang lugar. Umagos ang emosyon ng mga maninimba habang isinasagawa ng mga kaparian ang kanilang huling banal na misa sa parokya.



NATIONAL BIBLE DAY, IPINAGDIWANG NG BARASOAIN

Ang huling linggo ng Enero ang itinalagang Pambansang Araw ng Bibliya na itinakda ng *Republic Act* 11163 noong 2019. Layunin ng pagdiriwang na ito na mamulat ang mga nananampalataya sa kahalagahan ng pagbabasa ng Mabuting Balita at ang pagninilay sa mga aral nito. Ang nasabing pagdiriwang ay naganap noong ika-24 ng Enero 2021.



MGA FRONTLINER NG SIMBAHAN, TUNAY NA MAASAHAN SA KABILA NG PANGANIB



Sila ang mukha ng pakikipaglaban sa harap ng pandemya—ang mga *frontliner*. Dahil sa kanilang katapatan sa paglilingkod ang mga *frontliner* sa kabila ng panganib na dulot ng kanilang trabaho ay nagpapatuloy na humaharap sa hamon ng pandemya.

Hindi maiiwasan na mag-alala sa kanilang mga sarili at maging sa kanilang pamilya, subalit pinili nilang harapin ang salot na dulot ng COVID-19 upang ang lahat ay makapagpatuloy sa kanilang mga pamumuhay. Sila ang naging

inspirasyon ng sambayanan sa mga panahong ito.

Sila ay ang karaniwang kumukuha ng temperatura ng mga nagsisimba, humaharap sa mga *contact tracing booths*, mga kumukuha ng pangalan ng mga pumapasok at lumalabas sa simbahan, at maging mga naglilinis ng mga upuan. Maging ang mga kasama sa paglilingkod na piniling lumaban sa mismong digmaan sa mga pagamutan at ospital. Sila ang mga bayani na ating araw-araw na nakikita sa mga panahong ito.

Ang kanilang dedikasyon at katatagan ang nagsisilbing liwanag para sa lahat at ang kanilang tanglaw ang nagsisilbing gabay sa madilim na panahong ito sa kasaysayan.

Ang Simbahan ng Barasoain ay patuloy na nagbibigay-pugay sa mga *frontliner* na humaharap sa hamon ng pandemya. Patuloy na ipinagdarasal ng parokya ang kaligtasan nila sa kanilang pagharap sa pakikipaglaban.

Muli ay nagpapasalamat ang lahat sa inyong dedikasyon.

ANG ESKAPULARYO

EDITOR-IN-CHARGE: ALVIN V. ZALZOS

CONTRIBUTORS: CHRIS O. ARELLANO, ATTY. EDEN BAUTISTA,

MERWIN G. SULIT, MARY GRACE CALUAG

ADVISER: REV. FR. DOMINGO M. SALONGA



DEPARTMENT OF SOCIAL MEDIA AND PUBLICATIONS

COMMISSION ON SOCIAL COMMUNICATIONS—BARASOAIN CHURCH

MALOLOS CITY, BULACAN | 044-794-4340 | www.barasoainchurch.org

*Kaya natin ito...
dahil kasama natin si Kristo!*